

Guidebook para sa pagpasok ng high school sa Shizuoka Prefecture

2012

MGA NILALAMAN

I. MGA SISTEMANG PAGPAPA-ARAL SA JAPAN	1
1. Mga sistemang pagpapa-aral sa Japan	
2. Sino ang puwedeng kumuha ng eksaminasyong pangpasok sa high school?	
II. MGA URI NG MGA HIGH SCHOOL	2
1. Ang pag-aaral ng espesyalistang kurso at ang mga kwalipikasyon nito	
2. Ang pagkakaiba ng pampubliko at pribadong high school	
III. MGA GASTUSIN SA HIGH SCHOOL	3
1. Bayad sa eksaminasyon at pag-umpisa ng pasukan.	
2. Matrikula (tuition fee) at iba pang gastos na babayaran sa 1 taon.	
3. Mga iba pang babayaran.	
IV. TUNGKOL SA SCHOLARSHIP	4
V. SISTEMA NG PAGPILI NG MGA ESTUDYANTENG PAPANASOK SA PAMPUBLIKONG HIGH SCHOOL	6
VI. CHOUSA-SYO (STUDENT INFORMATION SHEET)	8
VII. SCHEDULE BAGO KUMUHA NG EKSAMINASYON	10
VIII. KONSULTASYON TUNGKOL SA EDUKASYON	11
IX. PAGPAPALIWANAG TUNGKOL SA MGA SALITANG GAGAMITIN SA PAGKUHA NG EKSAMINASYON AT PAGPASOK SA HIGH SCHOOL	12
<Public High Schools in Shizuoka Prefecture>	13
<Private High Schools in Shizuoka Prefecture>	17

1. MGA SISTEMANG PAGPAPA-ARAL SA JAPAN

1. Mga sistemang pagpapa-aral sa Japan


Ang kindergarten at nursery school ay opsyonal. Ang siyam(9) na taon ng pag-aaral mula elementarya hanggang junior high school ay sapilitan (kompulsaryong edukasyon). Sa elementarya at junior high school, walang bagsak sa grado, samantalang sa high school at unibersidad, pagmababa ang gawa ng estudyante at maraming bilang ng araw na hindi pumasok sa eskuwelahan, maaaring hindi sumulong sa susunod na grado o hindi makapagtapos ng pag-aaral.

Karaniwang batay sa lugar na tinitirahan ninyo, naka-ayos na ang elementarya at junior high school na dapat pasukan. Kung high school o unibersidad, puwedeng piliin ang eskuwelahan na gustong pasukan, samantalang dapat maka-pass ang entrance na eksaminasyon.

Sa Japan, pagkatapos ng junior high school, halos 95 porsiyento na estudyante ay nagpapatuloy sa high school. Kung junior high school graduate, limitado ang uri ng trabahong makakuha. Mas mababa ang bilang ng tao na nakakuha ng trabaho kaysa sa high school graduate dahil hinihingi ng maraming kompanya ang karerang high school graduate (at least).

Bukod dito, lumampas ng 50% ang rate ng estudyanteng nagpapatuloy ng pag-aaral sa unibersidad. Kung isama ang junior college at vocational school, mga 80% ang nagpapatuloy ng pag-aaral. Dadami ang uri ng trabaho na mapipili kung unibersidad graduate.

Magkaiba ang pokus ng bawat eskuwelahan sa pag-aaral. May mga eskuwelahan na pag-aralin para makakuha ng trabaho, at sa ibang eskuwelahan nama'y ang karamihan ng mga estudyante ay papasok sa unibersidad. Magsangkot ang pagpili ng high school sa pagpili ng kinabukasan ng estudyante, halimbawa pagkatapos ng high school, magtatrabaho na siya o mag-aaral pa. Isipin muna nang mabuti kung ano ang gustong maging kinabukasan. Magkonsulta nang mabuti sa pamilya ninyo at mga guro.



2. Sino ang puwedeng kumuha ng entrance na eksaminasyon ng high school?

Higit sa 15 taong gulang sa Abril 1 ng taong papasok sa high school. Narito ang apat na pangangailangan para kumuha ng eksaminasyon, dapat magbigay-kasiyahan sa isa sa mga apat na pangangailangan.

1. Mga nakapagtapos ng Junior high school sa bansang Hapon, at mga magtatapos ngayong Marso.
2. Mga nakapagtapos ng 9 na taong pag-aaral sa ibang bansa.
3. Mga hindi nakapagtapos ng 9 na taong pag-aaral sa ibang bansa, kailangan lumipat sa Japanese junior high school at mag-graduate roon.
4. Kahit na nagtapos sa mga eskuwelahan ng mga dayuhan (Hal. Paaralan ng Brazil), hindi puwedeng kumuha ng entrance na eksaminasyong ng high school .

Mga nakapasa sa “Eksaminasyong magbigay ng kapantay na degree na junior high school graduate / Chuugakkou Sotsugyou Teido Nintei Shiken” na nagkakaroon tuwing umpisa ng Nobyembre.

Kung kailangang higit na impormasyon tungkol sa eksaminasyon na ito, tumawag ka sa espesyal na puwedeng tagawan ng Departamento ng Edukasyon sa Shizuoka Ken. Tel. 053-221-2090

II. MGA URI NG MGA HIGH SCHOOL

Mayroong tatlong uri ng high school. Zennichi-sei (Pang-araw), Teiji-sei (pansamantala) at Tsushin-sei (correspondence). Bawa't eskuwelahan ay may kanya-kayang guide booklet. Ang mga nakasulat sa baba ay mga halimbawa

<i>Zennichi-sei</i> (Pang-araw) Pampubliko/Pribado	<i>Teiji-sei</i> (Pansamantala)		<i>Tsushin-sei</i> (Correspondence)
	<i>Gakunen-sei</i> Systemang Grado	<i>Tan-i-sei</i> Systemang Yunit	
Araw-araw 8:30-16:00	Araw-araw 17:30~21:00	Karamihang pang-araw-araw. May korsong umaga, hapon at gabi.	Ibigay ang nagawang takdang-aralin na nabigay noong klase ng sariling pag-aaral at ipaayos ito sa guro. Dumalo sa klase na tinatawag "schooling" nang ilang beses sa isang buwan para mag-aral ka nang face to face sa guro.
Tatlong taon	Apat na taon ※Maaaring makatapos ng tatlong taon	Tatlong taon o higit pa. ※Pitongpung Apat o mahigit na unit ang kinakailangan para magtapos.	
FUTSU-KA *1 (Karaniwang kurso) SENMON GAKKA *2 (Espesyalistang kurso) SOGO-GAKKA *3 (Comprehensive na kurso)	FUTSU-KA (Karaniwang kurso) SENMON-GAKKA (Espesyalistang kurso; Industriya, Negosyo)	FUTSU-KA (Karaniwang kurso)	FUTSU-KA (Karaniwang kurso)
Tignan sa pahina 13-15, 17-18.	Tignan sa Pahina 16. Halos lahat ng eskuwelahan ay naghahanda ng hapunan.	Tignan sa Pahina 16. May tatlong high school • Mishima Choryo • Shizuoka Chuo • Hamamatsu Ohiradai	Shizuoka Chuo high school Lugar at araw ng papasok ay sumusunod; ① Chuo Campus (Central Campus) : Linggo at Miyerkoles ② Tobu Campus (East Campus, nasa loob ng Mishima Choryo Campus : Linggo at Huwebes. ③ Seibu Campus (West Campus, nasa loob ng Arai high school Campus) Linggo at Huwebes.

*1 Karaniwang kurso – Ang sentro ng pag-aaral dito'y pagkatuto ng karaniwang subject (Futsuu-kamoku) na makapagbibigay ng mahalagang karunungan at paraan sa kinabukasan. Bawa't paaralan ay may kanya-kayang sariling lakas ng pamamaraan/ layunin. Halimbawa, sa ilan sa mga eskuwelahan'y may mga klase na paghahanda sa unibersidad at sa iba nama'y nakahanda ng kurso/ "Ruikai" na mag-aaral ng espesyalistang larangan.

*2 Espesyalistang Kurso – Mag-aral dito ng espesyalistang karunungan at paraan para maging espesyalista sa bawa't larangan. Makakakuha ka ng kursong nauukol sa iyong kinabukasan karera/ tungkulin. Halimbawa agrikulture, industriya, negosyo, pangingsda at paglilingkod sa kabutihan. Ikaw rin ay maaaring makakuha ng kailalimang kurso sa kasanayan (Art), matematika (Math) at kaugnayan sa Pandaigdigang (International Studies), bukod sa pag-aaral ng karaniwang subject.

*3 Comprehensive na kurso – Ayon sa iyong pagkagusto, interes, kakayahan o hangarin sa iyong kinabukasan, mag-isip nang mabuti at pumili ng karaniwang subject at espesyalistang subject na halimbawa'y agrikulture, industriya, negosyo o paglilingkod sa kabutihan atbp.

1. Espesyalistang kurso at lisensiya

Sa mga kursong negosyo, industriya, pagsasaka atbp, magkakaroon ang estudyante ng iba't ibang lisensiya kung saan bagay naaangkop sa pagkuha ng trabaho.

Itong lisensiya ay magagamit dito lang sa Japan, pero kung saan ka pumunta, nakakatulong ang lisensiya na ito dahil makukuha mo ang saligang paraan sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa larangan na iyon.

2. Ang pagkakaiba ng pampubliko at pribadong high school

Dahil napapamahala ng lungsod (city) o prepektura (ken) ang pampublikong eskuwelahan ay mas mura ang bayad para sa paggamit sa mga kagamitan at iba pang gastosin ng pampublikong eskuwelahan kaysa sa privadong eskuwelahan.

Sa pribadong eskuwelahan nama'y bawa't korporasyon ng edukasyon ang napapamahala, kaya may pagkakaiba sa talaan (schedule) at systema sa pag-uumpisa ng entrance na eksaminasyon sa pagitan ng pampubliko at pribado.

III. MGA GASTUSIN SA HIGH SCHOOL

1. Bayad sa entrance na eksaminasyon at sa pag-umpisa ng pasukan.

	Pampublikong high school				Pang-araw pribadong eskuwelahan (ex.)
	Zennichi-sei (Pang-araw)	Teiji-sei Gakunen-sei Systemang grado	Teiji-sei Tani-sei Systemang yunit	Tsushin-sei (correspondence)	
Bayad sa Eksaminasyon	¥2,200	¥950	¥950	-	¥15,000
Entrance Fee	¥5,650	¥2,100	¥2,100	¥500	¥95,000
Uniporme, bag, P.E. uniporme atbp. *1	¥40,000~50,000	Mga ¥15,000		-	¥70,000
Bayad sa Paggamit ng mga kagamitan	-	-	-	-	¥60,000
Buo (1)	Mga ¥60,000	Mga ¥20,000	Mga ¥20,000	¥500	¥240,000

* 1 Ang eskuwelahan o PTA ay maaaring magbigay ng iba't ibang bagay tulad ng uniporme, bag, o P.E. uniporme. Kung gusto mo, itanong sa bawa't eskuwelahan o PTA. Maaaring magbayad ng iba pang gastusin na nakasulat sa Talaan 2. (*5) pagpasok sa eskuwelahan. Depende ito sa bawa't eskuwelahan.

2. Matrikula (tuition fee) at iba pang gastos na babayaran sa isang taon

	Pampublikong high school				pribadong eskuwelahan Pang-araw (ex.)
	Zennichi-sei (Pang-araw)	Teiji-sei Gakunen-sei Systemang grado	Teiji-sei Tani-sei Systemang yunit	Tsushin-sei (correspondence)	
Matrikula, *2	Mula noong Abril 2010, libre ang matrikula.				¥265,000
Materyales	Mga ¥15,000	Mga ¥10,000 *3	*4		¥20,000
Iba pang Gastusin *5	Mga ¥130,000	Mga ¥66,000	Mga ¥32,000	Mga ¥2,600	¥42,000
Eskuwelahan anghalian *6	-	¥26,000~51,000	-	-	-
Buo	Mga ¥145,000	Mga ¥100,000			¥327,200
Buo (1) + (2)	Apprx. ¥205,000	Apprx. ¥120,000			¥567,200

*2 Kahit sinong pamilya, libre ang matrikula ng pampublikong eskuwelahan.

Ang matrikula ng privadong eskuwelahan nama'y nagbigay ng 118,800 yen ang pamahalaan at naggig 265,000 yen ang matrikula. Bukod dito, mayroon pang tawad depende sa kita ng pamilya.

(Halimbawa: 59,400 yen para sa mga pamilyang may kitang mga 2,500,000-3,500,000 yen sa isang taon, 118,800yen para sa mga pamilyang may kitang mababa sa 2,500,000 yen) Mayroon ding systema na mababawasan ang matrikula para sa mga pamilyang maliit ang kita ang bawa't eskuwelahan.

*3 Sa Teiji-sei (pansamantala), ang mga estudyanteng kung sino man nagtrabaho (mapaloob din dito ang part-time job) nang 90 araw o mahigit pa sa loob ng isang taon ay maaaring bigyan ng perang pantulong para bawasin ang buong bayad ng texto.

*4 Ang presyo ng text, materyales at iba pang presyong gastusin ay maaaring maiiba. depende ito sa uri at bilang ng mga subject na pinili ng estudyante.

*5 Ang "iba pang gastusin" ay babayaran para sa isang taong pasukan, annual PTA, support group ng eskuwelahan, student council, aklatan, post-high school guidance, at enrichment ng edukasyon. Itong babayaran at mga halaga ay maiiba sa bawa't eskuwelahan. Nagbibigay lang kami sa talaan ng pang-karaniwang halaga.

※Bayad sa Isang taong pasukan (Class-year fees, Gakunen-hi) ; Pagbayad sa espesyal na aktibidad ng buong klaseng nasa parehong grade o sa mga pantulong materyales ng klase. Halimbawa ng field trips, sub-texto, atbp. Ang "iba pang gastusin" ng privadong eskuwelahan ang bayad na kailangan bayaran, sumunod sa mga alituntunin ng eskuwelahan. Hindi kasama dito ang Class-year fees (Gakunen-hi), annual PTA fee at iba pang hindi nasabi sa alituntunin ng eskuwelahan.

*6 Tungkol sa tanghalian, may mga eskuwelahan na may kainan. Puwedeng pumili ang mga estudyante ng pagkain na gusto nilang kainin. Sa Teiji-sei (pansamantala), sino man estudyante na nagtrabaho (mapaloob din dito ang part-time job) nang 90 araw o mahigit pa sa loob ng isang taon, ay maaaring tanggapin ang perang pantulong para sa bayad sa tanghalian.

*7. Ang mga gastusin sa pribadong paaralan ay nag-iiba ayon sa bawa't paaralan. Mangyaring magtanong sa mga indibidwal na paaralan.

3. Mga iba pang babayaran

Pagbayad sa School Trip	Mangangailangang mga ¥100,000-¥15,000. Mag-umpisa ng pag-iipon mula unang grado at ang talagang pag-alis/trip ay pangalawa o pangatlong grado. Kung ang pag-alis/trip ay sa ibang bansa, puwede kang pumili kung sasama o hindi.
Pagbayad sa Club Activities	Kung mapasama sa club activities, may madadagdagang bayad. Halimbawa, uniporme, musical instrument, road trips atbp.
Pagbayad sa pamasaha *7	Kinakailangan kung papasok sa eskwelahan sa pamamagitan ng bus o tren. Puwedeng bumili ng discount tichet (commuter ticket / Teiki-ken) para sa estudyante. Entetsu bus : May 40% na discount para sa isang buwan commuter ticket at kung tatlong buwan ticket, 43% ang discount. Ang anim na buwan ticket nama'y may 46% na discount. Mayroon pang ibang uring discount. Para sa detalye, tel : 053-445-2255 JR : Magkaiba ang rate ng discount sa elementary, junior high school, high school at unibersidad. Pakitanong sa information center na nasa estasyon.

*7. Kung lumampas ng ¥15,000 ang pamasaheng ginastos para pumunta sa eskuwelahan sa isang buwan, maaring tanggapin ang “ENKYORI-TSUGAKU- HOJOKIN” (Perang pantulong sa mga estudyanteng malayo ang pagitan ng kanilang bahay at eskuwelahan), depende sa kalagayan ng pangkabuhayan ng inyong pamilya.
Magsadya muna sa eskuwelahang papasukan para sa detalye.

IV. Tungkol sa Scholarship

Scholarship ay isang systemang panhiram ng pera. Ito ay para sa mga estudyanteng gustong mag-aral at matatapos din ang pag-aaral sa high school pagdating ng sapat na panahon bagama't nahihirapang magbayad ng kanilang matrikula.

Mayroon ng ilan pangangailangan, halimbawa ng kita ng pamilya, grade ng klase, bisa atbp. Pag mag-graduate ka sa eskuwelahan, dapat mong ibalik ang buong halagang hiniram bilang scholarship.

Mayroon ding ibang uri ng scholarship. Iyon ay para sa mga estudyanteng katulad ng nagkasakit o namatayan ang magulang, nagpa-alis ng trabaho, nalugi ang kompanya, nasunog ang bahay at iba pa. Sa ilang high school ay may sariling scholarship o systemang pagbawas ng matrikula atbp. Maaari kayong magtanong kapag may problemang ganito sa papasukang eskuwelahan.

Mayroon pang mga systemang pantulong ng gastos pang-akademiko, utang na uri ay pagpapahiram para sa edukasyon at pondong pang-kabutian o suporta ng edukasyon. Ang gumaguwa nito ay institusyon pampubliko.

Para kumuha ng higit na impormasyon tungkol sa pantulong ng pagpasok sa eskuwelahan o scholarship, ikonsulta mo sa Department ng Edukasyon na nasa bawâ't City o Town.

◆ Shizuoka Prefectural High School Scholarship

Puwedeng mag-aapply: Kailangan nakatira ang magulang o tagapag-alaga sa Shizuoka ken at may permisong manirahang habang buhay o anak ng isang may bisang permanenteng maninirahan sa Japan.

Dapat ang kita ng mga magulang ay mababa sa huwaran. Kailangan ng dalawang guarantee.

Ilan sa kanila'y pangangailangan ng sapat na grade ng klase.

Halaga ng utang: Depende sa layo ng lugar na tinitirahan 18,000-35,000

(Magkapareho lang ang kanilang mga hangarin)

◆ Shizuoka Prefecture Part time/ Correspondent Scholarship Rental

Puwedeng mag-aapply: Mga estudyanteng nakatira sa loob ng Shizuoka na nag-aaral ng part time o corresponding kurso, at nagtrabaho na sumasahod ng mababa sa ¥2,590,000.

Halaga ng utang: 14,000 yen/buwan (hindi puwedeng pagsabayin ang dalawang scholarship)

※Ang estudyante ay malibre sa pagbabayad ng kanilang hiniram na pera pagkatapos ng graduation. Kung tumigil ng pag-aral at hindi na papasok, dapat mong maibalik ang lahat ng perang inutang.

◆ **Shizuoka Prefecture Scholarship Association (Shizuoka-ken Ikuei kai) Scholarship**

Puwedeng mag-aaply: Mga estudyanteng nakatira sa loob ng Shizuoka at nag-aaral sa pampublikong high school (Zennichi-sei only), privadong high school, specialized vocational high school (Koutou Senmon Gakkou). Dapat mababa sa huwaran ang kita ng pamilya. Kailangan ng higit sa 2.5 na grado ng Junior high school. Kung mag-aaply pagkatapos ng pagpasok sa high school, kailangan ng higit sa 2.2 na grado.

Halaga ng utang : 15,000yen/buwan (pampublikong high school • Futsu-ka/Karaniwang kurso)

17,000yen/buwan (Pampublikong high school • Senmon Gakka /Espesyalistang kurso, specialized vocational high school/Koutou Senmon Gakkou)

24,000yen/buwan (privadong high school)

For details : Shizuoka Prefecture Scholarship Association Tel 054-254-5239

◆ **Systemang Magpautang ng Social Welfare Fund, Fund of education support (Gastos para sa paghanda ng edukasyon/Kyouiku Shien hi, Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan / Syuugaku Shitaku hi)**

Gastos para sa paghanda ng edukasyon: Ang gastos na ito'y kinakailangan para mag-umpisa ng pag-aaral sa high school, specialized vocational high school, vocational school (Senmon Gakkou), junior college at unibersidad.

Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan: Ang gastos na ito'y kinakailangan para pumasok o mag-enroll sa high school, specialized vocational high school, vocational school (Senmon Gakkou), junior college at unibersidad.

Puwedeng mag-aaply : Mahirap magpanatili ng pang-araw-araw na buhay, walang ibang tulong na pampubliko at nahihirapan sa buhay, atbp.

Halaga ng utang : Gastos para sa paghanda ng edukasyon : high school : sa loob ng 35,000yen/buwan

specialized vocational high school : sa loob ng 60,000yen/buwan

junior college : sa loob ng 60,000yen/buwan unibersidad : sa loob ng 65,000yen/buwan

Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan : sa loob ng 500,000yen

For details: Social Welfare Council, Shizuoka prefecture / Shizuoka ken, Syakai Fukushi Kyougi kai Tel 054-254-5244

◆ **Loans to Mothers with Dependent Children/Boshi Fukushi Shikin (Pond para sa pag-aaral/Syugaku Shikin • Pond para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan/Syugaku Shitakukin)**

Pond para sa pag-aaral: Pond para umpisahan ang pag-aaral sa high school, unibersidad o specialized vocational high school.

Pond para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan: Pond para pumasok sa elementary, junior high school, high school, specialized vocational high school, junior college o unibersidad ang anak na umaasa sa inyo.

Puwedeng mag-aaply : Mga bata na nanay lang ang kasama o nagpapalaki at mga bata na walang magulang.

Halaga ng utang : Pond para sa pag-aaral: 18,000-64,000yen/buwan

Pond para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan: 39,500-59,000yen

* Depende sa mga tadhana at kondisyon.

* For details : Children's Welfare Division, West Center about Health ang Welfare, Shizuoka prefecture Shizuoka ken, Seibu Kenkou Fukushi Center, Fukushi Kodomo-ka (Tel 0538-37-2241)

◆ **Catholic Maria St. Joseph Scholarship Foundation Trust**

For details: Sumitomo Bank of Trust, Tokyo Sales Division, Foundation Trust Division 03-3286-8527

◆ **The Ashinaga Scholarship** For details : 03-3221-0888

Puwedeng mag-aaply: Kung ang magulang ay namatay dahil sa sakit, nagpakamatay, at hindi puwedeng makapagtrabaho dahil sa sakit

◆ **Suruga Scholarship Fund** For details : 055-962-5610

◆ **Kinouchi Construction Memorial Scholarship Fund**

For details, Chuo Mitsui Bank of Trust (Corporate Sales 2nd Division 03-5232-8910)


◆ **Suzuki Education and Culture Foundation** For details : 053-447-8222

Depende sa eskuwelahan, meron ding pang pribadong scholarship, nalibre ang estudyante o kalahati lang ang babayaran sa tuition fee. May mga pang publikong organisasyon na sumusuporta o nagpapantang ng pagpaparaal.

Ang utang sa Pamahalaan sa pamamagitan ng utang para sa edukasyon (education loan)

◆ **Japan Finance Corporation** education loan ng Pamahalaan For details : 0570-008656 / 03-5321-8656

V. SISTEMA NG PAGPILI NG MGA ESTUDYANTENG PAPASOK SA PAMPUBLIKONG HIGH SCHOOL



- Isang estudyante ay makakapasok lang sa isang pampublikong high school at isa lang din ang kursong makukuha sa high school.
Kung may dalawa o higit pang kurso ang eskuwelahan i-aaply mo, puwede kang mag-aply ng higit sa isang kurso, pero dapat mong pagsunod-sunurin ang kurusong gusto mong pumasok.
- Ang distrikto ng high school ay hanggang sa loob ng isang prepektura. Tungkol sa distrikto ng mga pampublikong high school na namamahala ang lalawigan (city) ay nagpapasiya ang baw't lalawigan.
- Ang paraan ng pagpili ng mga estudyante sa pampublikong high school ay magkakaparehas kahit na ang namamahala ay prepektura o lalawigan.

① Zennichi-sei (Pang-araw)

(1) Pangkaraniwang pagpili (Ippan Senbatsu)

May dalawang uri ng pagpili; laganap (Kyoutsuu waku) at pagpiling namamahala ang eskuwelahan (Gakkou Sairyou waku).

Sa laganap ay gagamitin ang tatlong materyales; "Chosa-syo" (Student Information Sheet), "Mensetsu" (interview), "Gakuryoku-kensa" (written eksaminasyon).

Tungkol sa pagpiling namamahala ang eskuwelahan, magtanong sa mga guro.

- "Chosa-syo": tungkol sa grado ng klase, pamumuhay sa junior high school atbp ang nakasulat. (tingnan sa pahina 8-9)
- "Mensetsu": magkakaroon ang baw't high school sa araw ng eksaminasyon. May grupong interbyu at personal na interbyu.
- "Gakuryoku-kensa": may limang subject; Wikang Japanese (Kokugo), Sosyal Agham, Matematika, Agham, Ingles. Ang mga uri ng subject ay pare-parehas sa lahat ng prepektura (Ken)

(2)Espesyal na pagpili (Tokubetsu Senbatsu)

Hindi lahat ng mga eskuwelahan may prosesong ito. Ang pangkaraniwang pagpili at espesyal na pagpili ay magagawa sa parehong araw, kaya hindi ka pwedeng mag-apply sa dalawa.

Uri ng pagpili	Angkop na estudyante	Paraan ng pagpili	Eskuwelahang gumagawa ng Bawa't pagpili	Bilang ng estudyanteng matatanggap
Dayuhang estudyante	May nasyunalidad ng ibang bansa at dumating sa Japan pagkaraan ng Abril, 2009 at namumuhay kasama ang mga magulang. (dapat hindi pa nakaraan ang 3 taon mula noong dumating sa Japan)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Chosa-sho</i> (Student Information Sheet) • <i>Mensetsu</i> (Interview) • Test ng saligang kakayahan ng Nihonggo *2 	Susono, Ihara, Fuji Ichiritsu, Ogasa, Yokosuka, Toomi-Sogo, Hamamatsu Higashi, Hamamatsu Enoshima, Arai	Konti lamang *1
Estudyanteng bumalik dito sa Japan galing sa ibang bansa	May nasyunalidad ng Japanese at bumalik sa Japan pagkaraan ng Abril, 2009. (dapat hindi pa nakaraan ang 3 taon mula noong bumalik sa Japan)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Chosa-sho</i> (Student Information Sheet) • <i>Mensetsu</i> (Interview) • <i>Gakuryoku-kensa</i> (Written Examination) 	Atami, Mishima Minami, Numazu Johoku, Yoshihara, Fuji Higashi , Ihara, Shizuoka Johoku, Shizuoka Ichiritsu, Yoshida, Fukuroi, Hamamatsu Kita, Hamamatsu Minami , Hamamatsu Koto, Hamamatsu Konan, Hamamatsu Shiritsu	Konti lamang *3

*1 Noong 2010, ng isang kabuuang 18 mga mag-aaral na inilapat sa isang kabuuang 8 mga paaralan, at 16 ay tinanggap.

Noong 2011, ng isang kabuuang 9 mga mag-aaral na inilapat sa isang kabuuang 5 mga paaralan, at 7 ay tinanggap.

*2 “Test ng saligang kakayahan ng Nihonggo” ay mapasama ng mga tanong tunkol sa pangkaraniwang kaalaman.

*3 Ang Kokusai-ka (kurso ng International Studies) na nasa Hamamatsu Kita high school lang ang may mataas na porsiyento ng bilang ng matatanggap. Naaabot ito sa 20% ng limitadong bilang ng papasok sa kursong nito.

②Teiji-sei (pansamantala)

(1) Systemang grado

Ang pagpili na ito’y ayon sa “Chosa-syo”, “Mensetsu”, “Gakuryoku-kensa”. Sa written eksaminasyon, gagawa ng eksaminasyon ng pagsusulat ng salaysay o eksaminasyon ng subject. Piliin ng bawa’t high school kung ano ang gusto nilang ipagawa sa estudyante. Sa eksaminasyon ng subject’y mapili sa limang subject.

Sa 2012, mangangailangang pagsulat ng sanaysay sa 14 eskuwelahan, sa tatlong eskuwelahan ay mangangailangang kumuha ng eksaminasyon ng Wikang Japanese (Kokugo) at sa isang eskuwelahan nama’y Wikang Japanese (Kokugo) at Matematika (Math) sa kanilang plano.

(2)Systemang yunit

Ang pagpili ay ayon sa “Chosa-syo”, “Jiyu-Hyogen” at “Gakuryoku-kensa”. Ang mag-aaral ay dapat tumagal ng pagsusuri ng 5 karaniwang mga paksa. Bibigyan ng eksaminasyong pagsulat ng sanaysay ang mga gustong pumasok sa kursong gabi at higit sa 20 taong gulang. Walang “Gakuryoku-kensa” sa kanila.

Mayroon din ng pagkalap sa Agosto para sa mga taong ang unang pasok ang ikalawang term.

③Correspondence

Walang eksaminasyon dito. Ang pagpili ay ayon sa “Chosa-syo” at iba pang papel na pagpapahatid.

④Muling pagkalap

Pagkatapos ng karaniwang at espesyal na pagpili, kung may eskuwelahan o kursong hindi umabot sa limitadong bilang ang bilang ng nakapasa, magkakaroon pang higit na pagkalap ng mga estudyante roon.

Ang pagpili ay ayon sa “Chosa-syo”, “Mensetsu” at pagsulat ng sanaysay o maikling tisis.

⑤ Hamamatsu Shiritsu Koko International Class

Itong klase na ito ay para sa mga dayuhan. Ang pagpipili ay ginagawa ng pagpili sa report card, written test (Japanese, English at Math), interbyu at rekomendasyon. Ang iskedyul ng pagpili ay naiiba mula sa ibang mga publikong paaralan (p.10). Para sa mga detalye: Hamamatsu Public Senior High School Tel. 053-453-1105

VI. “CHOSA-SYO” (Student Information Sheet)

”Chosa-syo”: ang nakasulat dito ay ang grado ng klase, pamumuhay sa junior high school atbp.

- ① Pangalan
- ② Numero ng klase at ID

<Talaan ng pagpasok>

- ③ **Bilang ng araw ng pagpasok atbp**···Bilang ng liban, huling dumating at maagang umaalis mula 1st year grade-3rd year grade. Maraming liban sa klase at huling dumating ay hindi makakabuti.

<Talaan ng pag-aaral>

- ④ **Grado ng subjects na dapat kunin**···Isusulat ang grado ng bawat subject hangang pangalawang termino ng 3rd year grade sa 1-5.(5 ang pinakamataas)
- ⑤ **Grado ng piniling subject**···Ang grado ng piniling subject ay isusulat sa A,B,C.(A ang pinakamataas)
- ⑥ **Integrated education**···Nakasulat ang ginawang kagandahan at grado noong ikaw ay nasa pangatlong grado.
- ⑦ **The matter of worthy of special mention**···Lahat ng magagandang bagay o magagandang ginawa ay isusulat.

<Talaan ng buhay sa eskuwelahan>

- ⑧ **Talaan ng espesyal na aktibidad**···Kung ang isang estudyante ay sumasali sa mga aktibidades sa klase, student council at mga palabas sa eskuwelahan, bibigyan siya ng markang ○.
- ⑨ **Pag-uugali**···Kung ang pag-uugali ay tumutugma sa nakasulat sa ibaba makakatanggap ng marking ○ (lifestyle habitat, fitness habitat, autonomy, sense of responsibility, creativity, pagmamahal sa kalikasan, pagtulong, sense of justice, public morality at pakikisama).
- ⑩ **Isusulat din ang pangkalahatang marka ng physical fitness test.**
- ⑪ **The matter of worthy of special mention**···Ang tungkulin at aktibidades bilang “kakari” o “iin-kai” sa eskuwelahan ay nakasulat din.
- ⑫ **Rekord ng aktibidades**···Ito ay tungkol sa mga klab na aktibidades, pang kultuka, physikal, boluntaryo at espesyal na mga gawain sa loob o labas ng eskuwelahan ay nakasulat din.
- ⑬ **At iba pa**···Kung may bagay na dapat sabihin sa eskuwelahan tungkol sa estudyante, isusulat dito.



● Tayo ng tumingin ng high school!!

Zen-nichi-sei (pang-araw) na high schools ay magkakaroon ng open school at trayal na entrance sa Hulyo at Agosto. Doon naman sa pang part time na klase magtanong sa eskuwelahan.

Malalaman mo rin ang picture ng high school sa pamamagitan ng pagsali sa mga event ng high school, halimbawa ay Bunka-sai (isang pista ng high school)

Ang form ng Information Sheet ng Mag-aaral

志望課程	全・定・通	志望学科		受付番号	※1	※2								
①ふりがな 氏名				性別	生 年 月 日									
					昭和・平成 年 月 日 生 (満 歳)									
				②組番	組 番									
③欠席等 の状況	学 年	欠席日数	遅刻回数	早退回数	欠 席 等 の 主 な 理 由									
	1 年													
	2 年													
	3 年													
がく しゅう の き ろく	必修 教科	国 語	社 会	数 学	理 科	おん 楽 美 術	ほけんたいく 保健体育	ぎじゆつ 技術・家庭	えい 英 語					
	④ 評 定													
	選択 教科													
	⑤ 評 定													
	⑥ 総合的な 学習の時間													
⑦ 特記 事項														
⑧ 特別活動の記録			⑨ 行 動 の 記 録						⑩					
内容	学級 活動	生徒会 活動	学校 行事	基本的な 生活習慣	健康・体力 の向上	自主・自律	責任感	創意・工夫	思いやり・ 協力	生命尊重・ 自然愛護	勤労・奉仕	公正・公平	公共心・ 公德心	新体力テスト の総合得点
状況			状況											
⑪ 特記事項														
⑫ 諸活動の 記録														
顕著な実績							活動の内容							
⑬ その他														
この記載事項に誤りがないことを証明する。										平成23年 月 日				
中学校名					印					校長氏名				
記載者氏名					印					印				

静岡県教育委員会

VII. SCHEDULE BAGO KUMUHA NG EKSAMINASYON

1. Third year junior high school

Abril-Mayo	School trip o field trip.
Hunyo	Ang unang semestre ng final exam (para masuri kung hanggang saan ang naiintindihan ng pag-aaral sa unang semestre)
Hunyo	Pag-uusap ng tatlong tao (magulang o kumakalinga, guro at estudyante).
Agosto	Open school, isang araw sa paaralan ng pakikisali o pakikipaglahok sa High school.
Setyembre	Mga pagsusulit ng Shizuoka ken achievement I (Pagsusulit/ exam para sa lahat ng Junior High school ng Shizuoka pref. para sa 5 subjects.)
Oktubre	Pangalawang semestre ng midterm exam.
Nobiembre	Pangalawang semestre ng final exam (Ang mga resulta ay nakasulat sa student's information sheet)
